Tagalog

Setyembre 2022:

**Tungkol sa: Healthy Back to School Guide ng Fraser Health**
**Re: Fraser Health's Healthy Back to School Guide**

Mahal na mga magulang, guardians, at mga estudyante sa Fraser Health region,

Natutuwa kami sa 2022/2023 school year at sa patuloy na pagsuporta sa kalusugan at kabutihan ng school communities sa aming rehiyon. Ibinabahagi namin sa inyo ang mga sumusunod na web resources at impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng public health upang suportahan ang healthy at ligtas na pagbalik sa paaralan para sa lahat ng mga estudyante at kanilang mga pamilya/guardians habang pinananatili ang mabuting kalusugan.

**Resources para sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan sa eskwelahan**:

Tingnan ang aming Healthy Back to School Guide (fraserhealth.ca/schools) para sa impormasyon tungkol sa kung paano tulungan ang mga bata na pamahalaan ang back to school anxiety, kumain nang mabuti sa kalusugan, ligtas na magpunta at bumalik mula sa eskwelahan, at matulog nang mahimbing. Makakahanap ka rin ng resources para sa mga magulang/guardians at mga bata hinggil sa kaalaman at paghadlang ng overdose, paggamit ng droga o alak, gender at sexual identity, at mga mabubuting relasyon.

**Patnubay sa COVID-19 para sa mga eskwelahan**

Para sa updated provincial guidance at impormasyon tungkol sa mga eskwelahan at sa COVID-19, bisitahin ang British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC) Schools web resource.

**Immunizations (Mga Bakuna):**

***Immunizations – pagpasok sa Kindergarten, Grade 6 at Grade 9***

Maaaring makuha ng mga bata ang kanilang **Kindergarten entry** immunizations simula 4 na taong-gulang at dapat nila kunin ang mga inirerekomendang bakuna bago sila pumasok sa eskwelahan. Ang impormasyon kung paano mag-book ng Kindergarten immunizations ay mahahanap sa aming children and youth immunizations page.

Sa B.C., ang school-aged children at teens ay inaalok ng mga bakuna sa **Grade 6 at Grade 9**. Maaaring makuha ng mga estudyante sa Grade 6 at Grade 9 ang immunizations mula sa public health nurses sa school clinics. Ang impormasyon at mga porma ng pahintulot para sa mga estudyante sa Grade 6 at Grade 9 ay ibibigay sa mga estudyante upang ma96 0 0 g9 2porma ng g1 (ons)-8 ( m)-24.naong



Tagalog

Tagalog

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa impormasyon sa sulat na ito, mangyaring kontakin ang iyong local public health unit na nakalista sa ibabâ.

**Public Health Units:**